GRADE V

# PROYEKTO: EDUKASYON: SAAN PATUNGO?

## ALAMIN MO



"Mas maganda ang kinabukasan kung may pinag-aralan." Ito ang kasabihang palaging nababanggit ng mga magulang sa kani-kanilang mga anak. Nangangahulugan ito na mahalaga ang edukasyon sa tagumpay ng isang tao.

Kung gugunitain natin ang nakaraan sa ating kasaysayan, masasabi natin na hindi pinabayaan ng ating mga ninuno na lumaking mangmang ang kanilang anak.

Mula sa panahon ng ninuno hanggang sa kasalukuyan, *anu-ano kaya ang mga pag-unlad na nangyari sa larangan ng edukasyon? Ano ang masasabi mo sa uri ng edukasyon na iyong natatamo sa kasalukuyan?*

Sa modyul na ito ilalahad ko sa iyo ang uri ng edukasyon sa iba't ibang panahon sa kasaysayan ng ating bansa.

Susundan ito ng mga modyul kung saan higit mong matututuhan ang naging sistema ng edukasyon sa bawat panahon.

Handa ka na ba?

## PAGBALIK-ARALAN MO





## PAG-ARALAN MO

Pag-aralan mo ang tsart na ito. Suriin mo ang nilalaman.

Uri ng Edukasyon

Sa Panahon ng

| | Ninuno | Espanyol | Amerikano | Komonwelt | Hapones | Ikatlong Republika | Ikaapat na Republika | Kasalukuyan |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Paaralan at mga itinuro** | Walang paaralan sa tahanan. Tinuturuan ang mga bata ng pagsulat, pagbilang at pagbasa | Nagtatag ng mga paaralang parokyal. Tinuruan ang mga bata ng pagbasa, pagbilang, pagsulat, magandang asal, relihiyon, doktrina kristiyano | Nagtatag ng mga paaralang pambayan. Nagturo ng pagbasa, pagsulat, pagbilang. Inalis ang pagtuturo ng relihiyon | Nagpatayo pa ng maraming paaralan. Binigyang-diin ang pagtuturo ng kabutihang asal, disiplina, sibika at mga gawaing-kamay. Pinalaganap ang edukasyong bokasyunal | Unang pinabuksan ang mga paaralang elementarya at bokasyunal. Pinahalagahan ang pag-aaral ng agrikulutura, pangingisda, medisina at inhenyeriya | Ipinakilala ang mga paaralang pam-pamayanan. Ipinaturo ang mga gawaing mapapa-kinabangan sa pagpapaunlad ng pamumuhay | Nagpatayo ng mga gusaling pre-fabricated. Binigyang-diin ang pagpapa-kadalubhasa sa pagsulat, pagbasa, at pakikipag-usap | Nagpatayo ng maraming paaralan. Ipinatupad ang bagong kurikulum |
| **Guro** | Mga magulang | Mga misyonaryo ang naging unang guro | Mga sundalong Amerikano ang naging unang guro | Mga gurong Pilipino | Mga gurong Pilipino | Mga gurong Pilipino | Mga gurong Pilipino | Mga gurong Pilipino |
| **Wikang Panturo** | Katutubong wika | Espanyol, Tagalog, Latin | Ingles | Wikang Tagalog, Ingles | Nihonggo Pilipino, Ingles | Wika ng pook sa baitang I-II | Filipino at Ingles | Filipino at Ingles |



Sagutin sa iyong kwadernong sagutan ang sumusunod na tanong sa bawat bilang.

1. Tingnan mo ang tsart. Sa ilang panahon nahahati ang mga pangyayari sa kasaysayan ng ating bansa? Anu-ano ang mga ito?

2. Suriin mong muli ang tsart. Sagutin ang sumusunod ng tanong:

    A. Sa panahon ng ninuno, saan tinuturuan ang mga bata?
    B. Sinu-sino ang naging guro sa panahon ng ninuno, Panahon ng Espanyol, at Amerikano?
    C. Anong uri ng pamahalaan ang naitatag sa Panahon ng Espanyol at Panahon ng Amerikano?
    D. Anong uri naman ng gusaling pampaaralan ang ipinatayo sa panahon ng ikaapat na republika?
    E. Anu-anong wikang panturo ang ginamit sa Panahon ng Espanyol, Amerikano, at Hapones?

3. Batay sa iyong pagsusuri sa tsart, may pagkakaiba ba o pagkakatulad ang naging uri ng edukasyon sa panahon ng ninuno hanggang sa kasalukuyan ayon sa:
    A. mga itinuro
    B. mga gurong nagturo
    C. mga paaralang naitatag
    D. ginamit na wikang panturo

## PAGSANAYAN MO


Ihambing mo ang uri ng edukasyon mula sa panahon ng ninuno hanggang sa kasalukuyan. Ano ang kanilang pagkakaiba? Pagkakatulad?

A. Subukin mong gawin ang tsart na ito.

| Iba't ibang Panahon | Paaralang Itinatag | Mga Guro | Wikang Panturo |
|---|---|---|---|
| Panahon ng Ninuno | | | |
| Panahon ng Espanyol | | | |
| Panahon ng Amerikano | | | |
| Panahon ng Komonwelt | | | |
| Panahon ng Hapones | | | |

Balikan mong muli ang tsart.

B. Paghambingin mo naman ang edukasyon sa panahon ng Ikatlong Republika, Ikaapat na Republika, hanggang sa kasalukuyan. Anu-ano ang kanilang pagkakatulad/pagkakaiba ayon sa paaralang itinatag, mga guro at ginamit na wikang panturo. Gawin mo ang Venn Diagram.




## TANDAAN MO

*May pagkakatulad at pagkakaiba ang uri ng edukasyon mula sa panahon ng ninuno hanggang sa kasalukuyan batay sa mga paaralang naitatag, mga itinuro, mga gurong nagturo, mga ginamit na wikang panturo.*

## ISAPUSO MO

Kopyahin mo sa kwaderno ang larawan ng lapis at papel. Sa loob nito, itala mo ang mga katangiang dapat taglayin ng isang mabuting mag-aaral na tulad mo.





## GAWIN MO

Sa isang bond paper, gumuhit ka ng isang tahanan. Sa loob nito isulat ang mga bagay-bagay na naituro sa iyo ng iyong mga magulang.



## PAGTATAYA

Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.


Panuto: Isulat ang (T) kung tama ang mga ipinahayag sa pangungusap at (M) kung mali.

1. Walang pormal na edukasyon sa panahon ng ninuno.
2. Mga sundalong Amerikano ang naging unang guro sa panahon ng Amerikano.
3. Pinalaganap ang edukasyong bokasyunal sa panahon ng Komonwelt.
4. Dalawang uri ng wika ang ginamit sa edukasyong bilingwal.
5. Hindi nakatulong sa pag-unlad ang pabagu-bagong sistema sa edukasyon.

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Kapanayamin mo ang nakatatanda mong kasambahay. Alamin mo ang kanyang naging karanasan noong siya ay nasa elementarya pa lamang.





Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.